www.kidworship.kr

# The Story of Jesus

## ⑩ Muling Buhay si Jesus









**Narration** Ilan pang araw pagkatapos, pumunta si Jesus sa tabi ng Dagat ng Galilea dahil naroroon ang kanyang mga alagad. Si Pedro at ilang alagad ay naging mga mangingisda muli. Kanilang iniwan ang pagiging alagad. Maagang- maaga ito. Ang sinag ng araw ay pumapasok sa malamig na dilim. Si Jesus ay nakatayo sa baybayin.

**Jesus** Bakit sila nandito? Hindi nila kayo nanghuhuli ng mga tao, kundi mga isda.

**Narration** Hindi alam ng mga alagad na si Jesus ito. Sila'y nalulungkot lamang dahil wala silang nahuli na isda buong gabi. Tinawag sila ni Jesus.

**Jesus** Mga kaibigan! May nahuli ba kayo?

**Disciples** Sino ito? Lumayo ka. Wala kaming nahuli.

**Peter** Wala kaming isda ngayon!

**Jesus** Wala kayong nahuli? Itapon ninyo ang inyong lambat sa kabila ng bangka.

**Narration** Nararamdaman ng mga alagad ang kakaibang sitwasyon.

**James** Hindi ito ang unang beses nangyari 'di ba? Nagkaroon na tayo ng ganitong sitwasyong noon.

---





**Narration** Nagtapon ng lambat ang mga alagad at puno ito ng isda. Hindi nila ito maangat. Sa oras na iyon, napagtanto ni Juan.

**John** Siya nga ito! Ang Panginoong Hesus Kristo!
The Super Star!

**Jesus** Dalhin n'yo rito ang ilang sa mga isdang nahuli n'yo. Paborito ko ang mga iyan.

**Narration** Hindi makapagsalita ang mga alagad.



**Jesus** Wala pa kayong kinakain, 'di ba? Halika kumain tayo.

**Disciples** (Mga alagad umiiyak)

**Narration** Binigyan sila ni Jesus ng tinapay at inihaw na isda.

---











**Narration** Ipinagsaluhan nila ang almusal kasama si Jesus. Pagkatapos ng kainan, tinanong ni Jesus si Simon Pedro.

**Jesus** Simon, anak ni Juan, totoo bang mahal mo ako higit sa mga ito?

**Peter** Opo! Opo, Panginoon. Mahal na mahal kita.

**Jesus** Pedro, alagaan mo ang aking mga tupa... Simon, na anak ni Juan, totoo bang mahal mo ako?

**Peter** Opo, Panginoon. Alam mong mahal kita.

**Jesus** Kung gayon, alagaan mo ang aking mga tupa... Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?

**Narration** Sumama ang loob ni Pedro dahil tatlong beses itinanong ito ni Jesus.

**Peter** Panginoon, alam mo ang lahat. Alam mo na mahal kita.

**Narration** Sinabi ni Jesus sa lahat ng kanyang mga alagad pati kay Simon Pedro.

**Jesus** Kung iniibig n'yo ako, alagaan n'yo ang aking mga tupa.

**Narration** Sinundan ng mga alagad si Jesus muli. Nanatili si Jesus sa kanila, nagtuturo tungkol sa Kaharian ng Diyos. Tinuruan niya rin kung paano mag-aral ng Bibliya. Sa ika-40 araw pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay, siya ay inakyat sa langit. Ito ang huling pagkakataon na siya ay nasa lupa.

**갈릴리호숫가**

갈릴리는 팔레스타인 북부에 있는 지역으로 지중해 해안에서 갈릴리 호수까지 포함된다. 이스라엘 북부 관구에 위치한 호수이다. 호수의 둘레가 약53km, 남북21km, 동서로13km, 면적은166㎢이다. 요르단 강의 상류에 해당된다.